Ipinagbabawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang Tirador,At nagsabi siya na ito ay hindi nakakapatay ng hayop,at hindi nakakapagtanggol [laban]sa kalaban,at ito ay nakakapagtanggal ng mata,at nakakaputol ng ngipin.

Ayon kay `Abdullāh bin Mugaffal, malugod si Allah sa kanya.Nagsabi siya:Ipinagbabawal ng Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ang Tirador,At nagsabi siya: ((Ito ay hindi nakakapatay ng hayop,at hindi nakakapagtanggol [laban]sa kalaban,at ito ay nakakapagtanggal ng mata,at nakakaputol ng ngipin)) At sa isang salaysay:Tunay na ang kamag-anak ni Ibn Mugaffal ay gumamit ng Tirador,pinagbawalan niya ito,at sinabi niya na: Tunay na ang Sugo ni Allah-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbawal sa [paggamit] ng Tirador,At nagsabi siya:(Ito ay hindi nakakahuli ng hayop)) Pagkatapos ay umulit siya,Nagsabi siya:Sinabi ko sa iyo na ang Sugo ni Allah ay ipinagbawal niya ito,pagkatapos ay bumalik kapa sa paggamit ng Tirador!? Hindi na kita kakausapin kailanman.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapaalm ni `Abdullah bin Mugaffal-malugod si Allah sa kanya- Na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbawal sa paggamit ng Tirador,At nagsabi siya:(Ito ay hindi nakakapatay ng hayop) at sa isang salaysay:(Ito ay hindi nakakahuli ng hayop)(at hindi nakakapagtanggol [laban]sa kalaban,at ito ay nakakapagtanggal ng mata,at nakakaputol) At ang paggamit ng Tirador;Nagsabi ang mga may kaalaman:Ang paglagay ng tao sa maliit na bato sa pagitan ng hintuturo niyang kanan at hintuturo niyang kaliwa o sa pagitan ng hintuturo at hinlalaki,ilalagay niya sa hinlalaki ang maliit na bato na hihilain ng hintuturo;O ilalagay niya sa hintuturo at hihilain ito ng hinlalaki,At tunay na ipinagbawal ito ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-at ipinaliwang niya ang dahilan nito;na ito ay nakakapagtanggal ng mata at nakakaputol ng ngipin kapag nakatama ito,(At hindi ito nakakahuli ng hayop) dahil wala sa kanya ang lakas,(At hindi nakakapagtanggol laban sa kalaban) ibig sabihin ay hindi nakakapagbigay panangga sa kalaban;sapagkat sa kalaban,ang nakakapagtanggol laban sa kanila ay sa [paggamit] ng palaso,at hindi sa maliit na bato na ito.Pagkatapos ang isa sa kamag-anak niya ay lumabas gamit ang Tirador,pinagbawalan niya ito sa paggamit ng Tirador at sinabi niya na ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-ay nagbawal sa paggamit ng Tirador,Pagkatapos ay nakita niya ito ulit na gumagamit ng Tirador ,Ang sabi niya sa kanya: Sinabi ko sa iyo na ang Sugo ni

Allah ay ipinagbawal niya ang paggamit ng Tirador,pagkatapos ay gumagamiot ka parin ng Tirador? Hindi na kita kakausapin kailanman.) Lumikas siya sa kanya;dahil sinuway niya ang ipinagbawal ng Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/3080

النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY

لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee